# KASALUKUYANG MGA PROBLEMA SA TAKTIKA NG NAGKAKAISANG PRENTENG ANTI-HAPONES

*Marso 11, 1940*

[Sinulat ni Kasamang Mao Zedong ang balangkas na ito para sa ulat na ginawa niya sa isang pulong ng nakatatandang mga kadre ng Partido sa Yenan.]

I. Ang kasalukuyang sitwasyong pampulitika ay ang sumusunod:

(a.) Ang imperyalismong Hapones ay nabigwasan ng malakas na hambalos ng Digma ng Pagtatanggol ng Tsina at wala na itong kakayahang maglunsad pa ng anumang malawakang opensibang militar, kaya't ang ugnayan ng mga pwersa sa pagitan ng kaaway at natin ay umabot na ngayon sa estratehikong yugto ng pagkapatas. Pero patuloy pa ring pinanghahawakan ng kaaway ang kanyang saligang patakarang lupigin ang Tsina at nagpapatuloy ito sa pamamagitan nniyong mga pamamaraan gaya ng pagpapanghina sa ating nagkakaisang prenteng anti-Hapones, pagpapatindi ng kanyang mga kampanyang *"mopping-up"* sa mga erya sa likuran at pagpapaigting ng kanyang agresyon sa ekonomya.

(b) Nakikita ng Britain at France na pinahina ng digma sa Europa ang kanilang pusisyon sa Silangan, habang ipinagpapatuloy ng United States ang patakaran nitong "umupo sa tutok ng bundok at panoorin ang mga tigreng naglalabanan", kaya't sa ngayon, hindi maaari ang kumperensya sa Eastern Munich[1].

(k) Nagtamo ng bagong mga tagumpay sa patakarang panlabas ang Unyong Sobyet at pinanatili nito ng kanyang patakarang pagbibigay ng aktibong suporta sa Digma ng Pagtatanggol ng Tsina.

(d) Ang maka-Hapones na seksyon ng malaking burgesya, na ganap nang sumuko sa Japan, ay handa nang tumayo bilang papet. Maaaring patuloy na lumaban sa Japan ang maka-Europeano at maka-Amerikanong malaking burgesya, pero nananatiling seryoso ang tendensya nitong makipagkasundo. Sumusunod ito sa dalawahang patakaran. Habang nagnanais na patuloy na makipagkaisa sa iba't ibang pwersang di GKuomindang para makiharap sa Japan, ibinubuhos nito ang lahat ng makakaya para masupil sila, at laluna ang Partido Komunista at iba pang progresibong pwersa. Ito ang bumubuo sa sagadsaring seksyon ng nagkakaisang prenteng anti-Hapones.

(e) Ang mga pwersang intermedya, kabilang ang panggitnang burgesya, naliliwanagang panginoong maylupa at mga grupong makapangyarihan sa rehiyon, ay madalas na pumupusisyon sa gitna ng mga progresibo at ng mga sagadsarin dahil sa kanilang mga kontradiksyon sa mga pangunahing naghaharing seksyon ng malalaking panginoong maylupa at ng malaking burgesya sa isang banda, at sa kabilang banda, sa uring manggagawa't magsasaka. Sila ang bumubuo sa panggitnang seksyon ng nagkakaisang prenteng anti-Hapones.

(g) Kamakailan, ang mga progresibong pwersa ng proletaryado na pinamumunuan ng Komunista, ang uring magsasaka at petiburgesyang lunsod, ay higit na lumakas at sa pangkalahata'y nagtagumpay sa pagtatayo ng mga baseng purok kung saan naitatag ang demokratikong kapangyarihang pampulitika na anti-Hapones. Napakalakas ng kanilang impluwensya sa hanay ng mga manggagawa, magsasaka at petiburgesyang lunsod sa buong bayan at malakas-lakas din sa hanay ng mga panggitnang pwersa. Sa larangan ng labanan, halos kasindaming tropang Hapones ang kinakalaban ng mga Komunista ng kinakaharap ng mga Guomindang. Sila ang bumubuo sa progresibong seksyon ng nagkakaisang prenteng anti-Hapones.

Ito ang kasalukuyang sitwasyong pampulitika sa Tsina. Sa mga sirkunstansyang ito, may posibilidad pa ring mapigilang lumala ang sitwasyon at gawin itong mas mabuti; lubos na wasto ang mga resolusyon ng Komite Sentral noong Pebrero 1.

2. Ang saligang kundisyon para magtagumpay sa Digma ng Pagtatanggol ay ang pagpapalawak at pagkokonsolida sa nagkakaisang prenteng anti-Hapones. Ang taktikang kailangan para sa layuning ito ay paunlarin ang mga progresibong pwersa, kabigin ang mga panggitnang pwersa at bakahin ang mga pwersang sagadsarin; ang mga ito ay tatlong di mapaghihiwalay na kawing, at pakikitunggali ang paraang gagamitin para mapagkaisa ang lahat ng pwersang anti-Hapones. Sa panahon ng nagkakaisang prenteng anti-Hapones, pakikitunggali ang paraan para sa pagkakaisa, at pagkakaisa ang layunin ng pakikitunggali. Kung hahabulin ang pagkakaisa sa pamamagitan ng pakikitunggali, mamamayani ito; kung hahabulin ito sa pamamagitan ng pagsuko, maglalaho ito. Ang katotohanang ito ay unti-unti nang nagagagap ng mga kasama sa Partido. Gayunman, marami pa rin ang hindi nakakaunawa dito; iniisip ng ilan na mapagwawatak-watak ng pakikibaka ang nagkakaisang prente o maaaring magamit ang pakikitunggali nang walang pagtitimpi, at ang iba nama'y gumagamit ng maling taktika sa pakikitungo sa mga panggitnang pwersa o may maling akala tungkol sa sagadsaring mga pwersa. Dapat iwasto ang lahat ng ito.

3. Ang pagpapaunlad ng mga progresibong pwersa ay nangangahulugan ng pagpapalakas ng mga pwersa ng proletaryado, uring magsasaka at petiburgesyang lunsod, mapangahas na pagpapalawak ng mga Hukbo ng Ikawalong Ruta at Bagong Ikaapat na Hukbo, pagtatayo ng demokratikong baseng purok na anti-Hapones sa malawakang saklaw, pagpapalakas ng mga organisasyong Komunista sa buong bayan, pagpapaunlad ng mga pambansang kilusang masa ng mga manggagawa, magsasaka, kabataan, kababaihan at bata, pagkabig sa mga intektwal sa lahat ng bahagi ng bayan at pagpapalaganap ng kilusan para sa gubyernong konstitusyunal sa hanay ng masa bilang pakikibaka para sa demokrasya. Ang tuluy-tuloy na pagpapalawak ng mga progresibong pwersa ang tanging paraan para mapigilan ang paglala ng sitwasyon, masawata ang kapitulasyon at pagkakawatak-watak, at magtayo ng matatag at di mawawasak na pundasyon para sa pagtatagumpay ng Digma ng Pagtatanggol. Pero ang pagpapalawak sa mga progresibong pwersa ay isang seryosong proseso ng pakikibaka, na dapat walang habas na isulong hindi lamang laban sa mga imperyalistang Hapones at mga traydor kundi laban din sa mga sagadsarin. Ito'y dahil ang mga sagadsarin ay laban sa pag-unlad ng mga progresibong pwersa, samantalang ang panggitnang seksyon ay mapag-alinlangan. Hanggat hindi tayo naglulunsad ng matatag na pakikibaka laban sa mga sagadsarin at dagdag pa'y nakakakuha ng kongkretong resulta, hindi natin malalabanan ang kanilang presyur o maaalis ang pagdududa ng panggitnang seksyon. Sa ganoong kalagayan, hindi makapagpapalawak ang mga prograsibong pwersa sa anumang paraan.

4. Ang pagkabig sa mga panggitnang pwersa ay nangangahulugan ng pagkabig sa panggitnang burgesya, naliliwanagang panginoong maylupa at panrehiyong mga grupong makapangyarihan. Sila'y binubuo ng tatlong magkakaibang kategorya, pero gaya ng iba'y kabilang silang lahat sa mga panggitnang pwersa. Ang panggitnang burgesya ay binubuo ng pambansang burgesya na naiiba sa uring kumprador, ibig sabihin, sa malaking burgesya. Bagamat mayroon itong makauring kontradiksyon sa mga manggagawa at hindi sang-ayon sa independensya ng uring manggagawa, gusto pa rin nitong labanan ang Japan, at isa pa'y gustong maagaw ang kapangyarihang pampulitika para sa sarili, dahil inaapi sila ng mga imperyalistang Hapones sa mga eryang sinakop at ginigipit ng malalaking panginoong maylupa at malaking burgesya sa mga erya ng Guomindang. Pagdating sa paglaban sa Japan, pabor sila sa nagkakaisang paglaban; pagdating sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika, pabor sila sa kilusan para gubyernong konstitusyunal at sinisikap na masamantala ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga progresibo at sagadsarin para pansariling kapakinabangan. Isa itong saray na dapat nating makabig. Naririyan din ang naliliwanagang panginoong maylupa na nasa kaliwang panig ng uring panginoong maylupa, ibig sabihi'y ang seksyon na may burges na katangian, na ang aktitud sa pulitika ay halos katulad niyong sa panggitnang burgesya. Bagamat mayroon silang makauring kontradiksyon sa mga magsasaka, mayroon din silang kontradiksyon sa malalaking

panginoong maylupa at malaking burgesya. Hindi sila sumusuporta sa mga sagadsarin at gusto rin nilang samantalahin ang mga kontradiksyon sa pagitan natin at ng mga sagadsarin para sa pansariling pampulitikang kapakinabangan. Hindi rin natin dapat balewalain ang seksyong ito at dapat ang ating patakaran ay kabigin sila. Para naman sa panrehiyonh mga grupong makapangyarihan, sila'y binubuo ng dalawang tipo – ang mga pwersang kumokontrol sa ilang rehiyon bilang sarili nila at ang iba't ibang tipo ng mga tropang walang kinokontrol na rehiyon. Bagamat ang mga grupong ito ay may kontradiksyon sa mga progresibong pwersa, mayroon din silang kontradiksyon sa Sentral na Gubyerno ng Guomindang dahil sa makasariling patakarang ipinatutupad nito sa kapinsalaan nila; nais din nilang samantalahin ang mga tunggalian sa pagitan natin at ng mga sagadsarin para sa kanilang pansariling pampulitikang kapakinabangan. Karamihan sa mga lider ng panrehiyong mga grupong makapangyarihan ay kabilang sa uring malaking panginoong maylupa at malaking burgesya at kung gayon, kahit sa ilang panaho'y nagmumukha silang progresibo noong panahon ng gera, agad din silang muling nagiging reaksyunaryo; gayunpaman, dahil sa kanilang mga kontradiksyon sa sentral na awtoridad ng Guomindang, may posibilidad pa ring manatili silang nyutral sa ating pakikibaka laban sa mga sagadsarin, hanggat nagpapatupad tayo ng wastong patakaran. Ang ating patakaran tungo sa tatlong kategorya ng mga panggitnang pwersang naunang inilarawan ay kabigan sila. Gayunman, ang patakarang ito ay naiiba sa pagkabig sa mga magsasaka at petiburgesyang lunsod at isa pa'y nag-iiba ito para sa bawat kategorya ng mga panggitnang pwersa. Samantalang ang mga magsasaka at petiburgesyang lunsod ay dapat kabigin bilang saligang alyado, ang mga panggitnang pwersa ay dapat kabigin bilang alyado laban sa imperyalismo. Sa hanay ng mga panggitnang pwersa, posible para sa panggitnang burgesya at naliliwanagang panginoong maylupa na lumahok sa atin sa pakikibakang komun laban sa Japan at sa pagtatayo rin ng demokratikong kapangyarihang pampulitikang anti-Hapones, pero takot sila sa rebolusyong agraryo. Sa pakikibaka laban sa mga sagadsarin, sa limitadong antas ay maaaring lumahok ang ilan, ang iba'y maaaring magtaguyod ng mapagkaibigang nyutralidad at may iba pa ring medyo atubiling maging nyutral. Pero, liban sa paglahok sa atin sa pakikidigma, sa pinakasukdula'y magtataguyod ng pansamantalang nyutralidad sa ating pakikibaka sa mga sagadsarin ang panrehiyong mga grupong makapangyarihan; tumatangi silang sumali sa atin sa pagtatayo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika dahil sila mismo'y kabilang sa uring malaking panginoong maylupa at malaking burgesya. Ang panggitnang pwersa ay may tendesyang mag-urong-sulong at tiyak na magkakawatak-watak, at dapat natin silang bigyan ng edukasyon at punahin nang wasto, nang may pagsasaalang-alang sa kanilang aktitud na paurong-sulong.

Ang pagkabig sa mga panggitnang pwersa ay isang mahalagang-mahalagang tungkulin natin sa panahon ng nagkakaisang prenteng anti-Hapones, pero maipatutupad lamang ito sa ilang kondisyon. Ang mga ito ay: (1) mayroon tayong sapat na lakas; (2) may respeto tayo sa kanilang interes at (3) matatag tayo sa ating pakikitunggali laban sa mga sagadsarin at tuluy-tuloy na makakatamo ng tagumpay. Kung wala ang mga kundisyong ito, ang mga panggitnang pwersa ay mag-uurong-sulong o magiging alyado pa nga ng mga sagadsarin sa pagsalakay ng huli sa atin, dahil kumikilos din nang husto ang mga sagadsarin para kabigin ang mga panggitnang pwersa para mahiwalay tayo. Ang mga panggitnang pwersa ay mabigat na impluwensya sa Tsina at kadalasa'y maaaring maging mapagpasyang salik sa ating pakikibaka sa mgasagadsarin; kung gayo'y dapat tayong maging maingat sa pakikitungo sa kanila.

5. Sa kasalukuyan, ang mga sagadsaring pwersa ay ang uring malaking panginoong maylupa at ang malaking burgesya. Dahil sa kasalukuya'y nahati sa grupong sumuko sa Japan at sa grupong pumapabor sa pagtatanggol, ang mga uring ito ay unti-unting lalupang mahahati. Sa loob ng malaking burgesya, ang grupong pumapabor sa pagtatanggol ay naiiba na ngayon sa grupong sumuko na. Nagtataguyod ito ng dalawahang patakaran. Naninindigan pa rin ito para sa pagkakaisa laban sa Japan, pero kasabay nito'y labis na reaksyunaryo ang kanyang patakaran ng pagsupil sa mga

progresibong pwersa bilang paghahanda sa ebentwal na kapitulasyon nito. Dahil pumapabor pa rin ito sa pagkakaisa laban sa Japan, maaari pa rin nating subukin na panatilihin ito sa nagkakaisang prenteng anti-Hapones, at kung mas matagal, mas mabuti. Mali na kaligtaan natin ang ating patakarang kabigin ang grupong ito at pakikipagtulungan dito, at ituring na sumuko na ito at nasa bingit na ng paglulunsad ng isang digmang anti-Komunista. Pero kasabay nito'y dapat nating itaguyod ang taktika ng pakikitunggali para bakahin ang reaksyunaryong patakaran nito at isulong ang isang determinadong labang pang-ideolohiya, pampulitika at pangmilitar, dahil sa buong baya'y nagpapatupad ito ng reaksyunaryong patakaran ng panunupil sa mga progresibong pwersa, dahil sa halip na isulong ang komun na programa ng rebolusyonaryong Tatlong Prinsipyo ng Bayan, tigas-ulo itong lumalaban sa ating pagsisikap na ipatupad ito, at dahil nagpupursigi ito nang husto para mapigilan tayo sa paglampas sa mga limitasyong itinakda nito para sa atin, ibig sabihin, nagtatangka ito na panatilihin tayo sa pasibong paglaban na mismong ginagawa nito, at isa pa'y nagtatangka ito na ipailalim tayo, at nang mabigo'y nagpagpapatupad ng pang-ideolohiya, pampulitika at pangmilitar na presyur laban sa atin. Ganoon ang ating rebolusyonaryong dalawahang patakaran sa pagharap sa dalawahang patakaran ng mga sagadsarin at ganoon ang ang ating patakaran ng paghahangad ng pagkakaisa sa pamamagitan ng pakikitunggali. Kung sa larangang pang-ideolohiya'y maisusulong natin ang wastong rebolusyonaryong teorya at mabibira nang husto ang kanilang kontra-rebolusyonaryong teorya, kung sa larangang pampulitika'y maitataguyod natin ang taktikang napapanahon at mabibira nang husto ang kanilang mga anti-Komunista at anti-progresibong patakaran at kung sa larangang militar ay magagawa natin ang angkop na mga hakbang at mabibira nang husto ang kanilang mga pagsalakay, kung gayon, kaya nating malimitahan ang epektibong saklaw ng kanilang reaksyunaryong patakaran at pilitin silang kilalanin ang katayuan ng mga progresibong pwersa at maaari nating palawakin ang mga progresibong pwersa, kabigin ang mga panggitnang pwersa at ihiwalay ang mga sagadsaring pwersa. Dagdag pa, maaari nating mahikayat iyong mga sagadsarin na handa pa ring magtanggol laban sa Japan para mapatagal ang kanilang paglahok sa nagkakaisang prenteng anti-Hapones at sa gayo'y mapipigil ang klase ng malawakang gerang sibil na sumiklab na noon. Kung gayon, ang layunin ng ating pakikibaka sa mga sagadsarin sa panahon ng nagkakaisang prenteng anti-Hapones ay hindi lamang para salagin ang kanilang mga pagsalakay para maprotektahan ang mga progresibong pwersa at hayaang patuloy na umunlad ang huli, ito ay para rin mapatagal ang pagtatanggol ng mga sagadsarin laban sa Japan at mapanatili ang ating pakikipagtulungan sa kanila upang mapigilan ang malawakang gerang sibil. Kung walang pakikitunggali, ang mga progresibong pwersang ito ay lilipulin ng mga sagadsaring pwersa, hindi na iiral ang nagkakaisang prente, wala nang hahadlang sa mga sagadsarin na sumuko sa kaaway, at sisiklab ang gerang sibil. Kung gayon, ang pakikitunggali sa mga sagadsarin ay isang di maiiwasang paraan para pagkaisahin ang lahat ng pwersang anti-Hapones, matamo ang isang paborableng pagbabago sa sitwasyon at mapigil ang malawakang gerang sibil. Pinatutunayan ng lahat ng ating karanasan ang katotohanang ito.

Gayunman, may ilang prinsipyo na dapat nating  sundin sa ating pakikitunggali sa mga sagadsarin sa panahon ng nagkakaisang prenteng anti-Hapones. Una, ang prinsipyo ng pagtatanggol-sa-sarili. Hindi tayo sasalakay hanggat hindi tayo sinasalakay; kung sinasalakay tayo, tiyak na gaganti tayo ng kontra-salakay. Ibig sabihin, kailanma'y hindi tayo dapat sumalakay sa iba nang walang probokasyon, pero kapag salakayin, lagi dapat tayong maglunsad ng ganting bira. Dito makikita ang depensibang katangian ng ating pakikitunggali. Dapat durugin ang militar na pagsalakay ng mga sagadsarin – nang matatag, puspusan, buung-buo at ganap. Ikalawa, ang prinsipyo ng pagtatagumpay. Hindi tayo lalaban hanggat hindi tayo nakatitiyak sa tagumpay; hindi tayo dapat lumaban nang walang plano, nang walang paghahanda at walang katiyakang magtatagumpay.Dapat alam natin kung paano sasamantalahin ang mga tunggalian sa hanay ng mga sagadsarin at huwag silang harapin nang maramihan sa iisang panahon, pero dapat muna nating ituon ang bira sa pinakareaskyunaryo sa kanila. Dito makikita ang katangiang limitado ng ating pakikitunggali. Ikatlo, ang prinsipyo ng

pansamantalang pagtigil ng labanan. Pagkaraang talunin ang isang pagsalakay ng mga sagadsarin, dapat nating malaman kung kailan hihinto at tatapusin ang partikular na labanang iyon bago tayo muling salakayin. Dapat sa pagita'y magkaroon ng pansamantalang pagtigil ng labanan. Dapat tayong mag-inisyatiba para sa pakikipagkaisa sa mga sagadsarin, at kung sila'y sumang-ayon, magsagawa ng kasunduang pangkapayapaan. Anuman ang mangyari, hindi dapat tayong lumaban nang tuluy-tuloy at walang tigil o matangay ng tagumpay. Dito makikita ang pansamantalang katangian ng bawat pakikitunggali. Tanging kapag naglunsad ng isang bagong pagsalakay ang mga sagadsarin dapat tayong lumaban sa pamamagitan ng isang bagong pakikitunggali. Sa madaling sabi, ang tatlong prinsipyo ay lumaban "nang may makatarungang batayan", "sa ating bentahe" at "may pagtitimpi". Sa pamamagitan ng pagtalima sa ganitong tipo ng pakikitunggali, na inilunsad nang may makatarungang batayan, sa ating bentahe at may pagtitimpi, mapapaunlad natin ang mga progresibong pwersa, makakabig ang mga panggitnang pwersa at maihihiwalay ang mga sagadsaring pwersa, at magagawa nating mapag-isip nang dalawang beses ang mga kaaway bago tayo salakayin, makipagkompromiso sa kaaway o magpasiklab ng malawakang gerang sibil. Kung gayon, magiging posible ang isang paborableng pagbabago sa sitwasyon.

6. Ang Guomindang ay isang partidong binubuo ng iba't ibang elemento na kinabibilangan ng mga panatiko, panggitnang elemento at progresibo; kung titingnan sa kabuuan, hindi ito dapat itumbas sa mga sagadsarin. Itinuturing ng ilang tao ang Guomindang bilang binubuo lamang ng mga sagadsarin dahil ang Sentral na Komiteng Tagapagpaganap nito ay nagproklama niyong kontra-rebolusyonaryong dekretong naghahanap ng gulo tulad ng "Mga Hakbang para Malimitahan ang mga Aktibidad ng mga Dayuhang Partido" at minobilisa ang lahat ng lakas nito para sa kontra-rebolusyonaryong paghahanap ng gulo sa larangan ng ideolohiya, pulitika at militar sa buong bayan. Pero ito'y isang maling pananaw. Ang mga sagadsarin sa loob ng Guomindang ay nasa pusisyon pa ring magdikta ng mga patakaran nito, pero ninorya sila sa bilang, habang hindi talaga ng mga sagadsarin ang mayorya ng kasapian (marami ang myembro sa pangalan lamang). Dapat malinaw na kilalanin ang puntong ito, kung sasamantalahin nating ang mga kontradiksyon sa loob ng Guomindang, susunod sa patakarang pag-ibahin ang iba't ibang seksyon nito at gagawin ang lahat para makipagkaisa sa mga panggitna at progresibong seksyon nito.

7. Tungkol sa usapin ng kapangyarihang pampulitika sa loob ng mga baseng purok na anti-Hapones, dapat tiyakin natin na ang kapangyarihang pampulitika na itatayo doon ay ang Pambansang Nagkakaisang Prenteng Anti-Hapones. Wala pang umiiral na ganoong kapangyarihang pampulitika sa mga erya ng Guomindang. Ito ang kapangyarihang pampulitika ng lahat ng sumusuporta kapwa sa pagtatanggol at demokrasya, ibig sabihin, ang magkasamang demokratikong diktadura ng ilang rebolusyonaryong uri laban sa mga traydor at reaksyunaryo. Naiiba ito sa diktadura ng uring panginoong maylupa at burgesya, at medyo naiiba rin sa isang demokratikong diktadura ng manggagawa't magsasaka lamang. Ang mga pusisyon sa mga organo ng kapangyarihang pampulitika ay dapat itakda ayon sa sumusunod: sangkatlo para sa mga Komunista na kumakatawan sa proletaryado at maralitang magsasaka; sangkatlo para sa mga kaliwang progresibo, na kumakatawan sa petiburgesya, at ang natitirang sangkatlo para sa mga panggitna at iba pang elemento, na kumakatawan sa panggitnang burgesya at naliliwanagang panginoong maylupa. Ang mga traydor at anti-Komunistang elemento lamang ang mga taong hindi kwalipikadong lumahok sa mga organong ito ng kapangyarihang pampulitika. Kinakailangan ang pangkalahatang tuntuning ito para sa pagtatakda ng mga pusisyon, dahil kung hindi'y magiging imposibleng mapanatili ang prinsipyo ng kapangyarihang pampulitika ng nagkakaisang prente. Ang pagtatakda ng mga pusisyong ito ay kumakatawan sa tunay na patakaran ng ating Partido at dapat ipatupad nang puspusan; dapat walang pag-aatubili hinggil dito. Nagtatakda ito ng isang malawak na tuntunin na dapat ipatupad ayon sa partikular na kalagayan, at hindi dapat mekanikal na punuin ang mga ito na parang kota. Sa

pinakamababang antas, dapat baguhin nang kaunti ang proporsyon para mahadlangan ang dominasyon ng mga panginoong maylupa at despotiko, pero hindi dapat malabag ang pundamental na diwa ng patakarang ito. Hindi tayo dapat palakihin ang usapin kung ang mga di Komunista sa mga organong ito ay kasapi ng alinmang partido, o kung sa aling partido sila kasapi. Sa mga purok na nasa kapangyarihang pampulitika ng nagkakaisang prente, dapat bigyan ng ligal na katayuan ang lahat ng partidong pampulitika, Guomindang man o anupaman, hanggat nakikipagtulungan ang mga ito at hindi lumalaban sa Partido Komunista. Hinggil sa usapin ng karapatang bumoto, ang patakaran ay bawat Tsinong may edad na 18 at pumapabor sa pagtatanggol at demokrasya ay may karapatang bumoto at iboto, anuman ang uri, nasyunalidad, partidong kinasasapian, kasarian, pananampalataya o antas ng edukasyon. Dapat iboto ng mamamayan ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika ng nagkakaisang prente at pagkaraa'y isumite sa Pambansang Gubyerno para pagtibayin. Dapat nakabatay sa demokratikong sentralismo ang anyo ng organisasyon ng mga ito. Dapat ang pundamental na layunin ng lahat ng mayor na patakaran sa mga organo ng kapangyarihang pampulitika ng nagkakaisang prente ay ang paglaban sa imperyalismong Hapones, paglaban sa kilalang mga traydor at reaksyunaryo, pagprotekta sa mga mamamayang lumalaban sa Japan, wastong pag-angkop sa interes ng lahat ng saray ng lipunan na anti-Hapones at pagpapaunlad sa kabuhayan ng mga manggagawa't magsasaka. Ang pagtatayo ng kapangyarihang pampulitika ng nagkakaisang prenteng anti-Hapones ay makakaimpluwensya nang husto sa buong bayan at magsisilbing modelo ng kapangyarihang pampulitika ng nagkakaisang prente sa pambansang saklaw; kung gayon, ang patakarang ito ay dapat ganap na maunawaan at matatag na ipatupad ng lahat ng kasama sa Partido.

8. Sa ating pakikibaka para paunlarin ang mga progresibong pwersa, kabigin ang mga panggitnang pwersa at ihiwalay ang mga panatikong pwersa, dapat huwag nating kaligtaan ang papel ng mga intelektwal, na pinagsusumikapan nang hustong kabigin ng mga sagadsarin; samakatwid, importante at mangyari pa'y esensyal na patakarang kabigin ang lahat ng intelektwal at maipluwensyahan sila ng Partido.

9. Sa ating propaganda, dapat nating bigyang diin ang sumusunod na programa:

(a) ipatupad ang Testamento ni Dr. Sun Yat-sen sa pamamagitan ng pagpupukaw sa masa para sa nagkakaisang pagtatanggol laban sa Japan;

(b) ipatupad ang Prinsipyo ng Nasyunalismo sa pamamagitan ng matatag na paglaban sa imperyalismong Hapones at pagpupunyagi para sa lubos na pambansang pagpapalaya at para sa pagkakapantay-pantay ng lahat ng nasyunalidad sa loob ng Tsina;

(k) ipatupad ang Prinsipyo ng Demokrasya sa pamamagitan ng pagbibigay sa mamamayan ng ganap na kalayaan para magtanggol laban sa Japan at iligtas ang bansa, sa pagbibigay sa kanila ng karapatang iboto ang gubyerno sa lahat ng antas, at sa pagtatayo ng rebolusyonaryong demokratikong kapangyarihang pampulitika ng Pambansang Nagkakisang Prenteng Anti-Hapones;

(d) ipatupad ang Prinsipyo ng Kabuhayan ng Mamamayan sa pamamagitan ng pagpawi sa mabibigat na buwis at iba pang pataw na buwis, pagpapababa sa upa ng lupa at interes, pagpapatupad sa walong oras na araw-paggawa, pagpapaunlad sa agrikultura, industriya at komersyo, at pagpapaunlad sa kabuhayan ng mamamayan; at

(e) ipatupad ang deklarasyon ni Chiang Kai-shek na "dapat maging responsibilidad ng bawat tao, bata man o matanda, sa hilaga man o sa timog, na magtanggol laban sa Japan at ipagtanggol ang ating lupang tinubuan".

Lahat ng puntong ito ay nasa sariling nakalathalang programa ng Guomindang, na programang komun rin ng Guomindang at ng Partido Komunista. Pero hindi ipinatupad ng Guomindang ang anumang bahagi ng programang ito liban sa pagtatanggol laban sa Japan; ang Partido Komunista at ng mga progresibong pwersa lamang ang nakapagpatupad ng mga ito. Ito ay isang simpleng

programa lamang at alam na alam ng lahat, pero hindi ito nagamit bilang armas ng maraming Komunista para sa pagmomobilisa ng masa at paghihiwalay sa mgasagadsarin. Mula ngayon, dapat nating ipokus ang atensyon sa limang punto ng programang ito at ipalaganap ang mga ito sa pamamagitan ng mga anunsyong publiko, manipesto, polyeto, artikulo, talumpati, pahayag at iba pa. Sa mga erya ng Guomindang, ito'y isa pa lamang programang pampropaganda, pero sa mga eryang naaabot ng Hukbo ng Ikawalong Ruta at Bagong Ikaapat na Hukbo, ito'y isa nang programa sa pagkilos. Sa pagkilos alinsunod sa programang ito, umaalinsunod tayo sa batas, at kapag sumasalungat ang mga sagadsarin sa pagpapatupad natin dito, sila ang lumalabag sa batas. Sa yugto ng burges-demokratikong rebolusyon, sa bataya'y katulad ng sa atin ang programang ito ng Guomindang, pero ang ideolohiya ng Guomindang ay ganap na naiiba sa ideolohiya ng Partido Komunista. Ang programang komun na ito ng demokratikong rebolusyon ang dapat nating isapraktika, ngunit anuman ang mangyari, hindi natin dapat sundin ang ideolohiya ng Guomindang.

## MGA TALA

[1]Para sa Silangang Munich, tingnan ang "Labanan ang Kapitulasyunistang Aktibidad", Tala 3, p. 255 ng tomong ito.